Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7 ib
11-17-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 8, 2011, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 262-T2011

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 3 NG BARANGAY DUHAT NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAA'T LIMANG LIBO WALUMPU'T ANIM NA PISO AT APATNAPU'T APAT NA SENTIMOS (P205,086.44) MULA SA ADDITIONAL INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (ENERO-SETYEMBRE 2011) (P169,470.00) AT REAL PROPERTY TAX (P61,746.73) NA MAY KABUUANG HALAGANG P231,216.73 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P33,894.00); 10% SK FUND (P23,131.61); 5% CALAMITY FUND (P11,560.83); ELECTRICITY EXPENSES (P45,000.00); INSURANCE (P13,500.0) AT YEAR-END BONUS (P78,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Sangguniang Barangay ng Duhat sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 119-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2011 na nagpapatibay ng halagang P205,086.44 mula sa Additional Internal Revenue Allotment (Enero-Setyembre 2011) at Real Property Tax upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr., Laarni A. Malibiran at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Barangay Duhat na nagkakahalaga ng P205,086.44 mula sa Additional Internal Revenue Allotment (Enero-Setyembre 2011) (P169,470.00) at Real Property Tax (P61,746.73) na may kabuuang halagang P231,216.73 upang ilaan sa 20% development Fund (P33,894.00); 10% SK Fund (P23,131.61); 5% calamity fund (P11,560.83); Electricity Expenses (P45,000.00); Insurance (P13,500.00) at Year-End Bonus (P78,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 8, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan